

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 7 Blg. 42

Pebrero 20-26, 2023

P10.00



(Larawan mula sa PIA)

## MULTI-SECTOR AGENCIES PARTNER FOR OTOP HUB LAUNCH

pahina 2



CVHRDC Identifies Priority Goals in the Health Sector for 2023---p.9



PCG, MV Vie Construction & Realty Sevices and Pag- Ibig Fund sign the Memorandum of Understanding for the establishment of the first-ever housing project for the coastguard. (Larawan mula sa PIA---istoriya sa p.8)



SM CITY TANZA

### Mutya ng Tanza Candidates stun Tanzeño at SM City Tanza

Candidates from Mutya ng Tanza walked the runway with glam and elegance at SM City Tanza during its pre-pageant, showcasing the works of local designers. Mutya ng Tanza is annually held in connection with the celebration of Tanza Day. Since SM City Tanza is now open, it is the perfect venue for such an event. Catch them on the coronation night on February 24 at the mall event center of SM City Tanza.

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL: 0977-7844136/ 0968-7122927

## MULTI-SECTOR AGENCIES PARTNER FOR OTOP HUB LAUNCH

**BACOR CITY, Cavite (PIA)** – The Department of Trade and Industry (DTI), the city government of Bacoor, and the Office of the 2nd District of Cavite Representative partner to initiate the launching of the One Town One Product (OTOP) hub located at the 2nd Floor Main Square Mall, Molino Boulevard last February 14. Together, DTI Secretary Alfredo Pascual, Mayor Strike Revilla, and Congresswoman Lani Mercado-Revilla led the ceremony together with Department of Interior and Local Government (DILG) Regional Director Lionel Dalope, DTI-Calabarzon OIC Regional Director Marissa Argente, Congressman Bryan Revilla, DTI-Cavite Provincial Director Revelyn Cortez, and Vice-Mayor Rowena Bautista-Mendiola. This is the second OTOP hub in the province that aims to provide a venue for market access to OTOP products that help Micro, Small, and Medium-scale Enterprises (MSMEs) in

the city to sell and promote their Bacooreño brand products and services. "I believe that giving opportunities to micro small enterprises will stabilize the local economy not only in the city of Bacoor, it will also provide a livelihood to those who make products, and give a higher level to the product that can be export," said ASEC Dominic Tolentino Jr. This project was first planned by the then mayor of the city and now Congresswoman Lani Revilla and was pushed to implementation by Mayor Strike Revilla in collaboration with the City Livelihood and Negosyo Center. "This is not just a personal achievement but a collective achievement of all sectors," stated Congresswoman Lani Revilla. Likewise, in full support of the city government's efforts to reach more constituents of Bacoor City, Filinvest housed the OTOP hub at the Main Square Mall, one of its Lifemalls. **(RBF/PIA-Cavite)**

## DA-ATI holds 2-day work ethics and accountability training

**TRECE MARTIRES, CAVITE (PIA)** – Around forty staff of the Department of Agriculture (DA) – Agricultural Training Institute (ATI) – CALABARZON participated in the two-day seminar-workshop on Public Service Ethics and Accountability held on February 8-9, 2023. The activity was initiated thru DA-ATI's Administrative and Finance Unit with guest speakers and discussants from the Civil Service Commission Regional Office IV, Ms. Melania Guanzon, and Attorney Henry Pablo. Topics discussed during the program were the importance of public service values such as Patriotism, Integrity, Excellence, and Spirituality (PIES), the

responsibility of officials and employees under the "Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees," and ways to fight corruption. The activity also allowed the participants to conduct self-assessments through various workshops and accompanying activities. At the end of the program, TCS II/ Center Director Rolando V. Maningas, Ph.D. emphasized that 'being a public servant requires responsibility and accountability' and expressed hope for the participants to uphold high ethical standards in delivering efficient services in the region. **(RBF/PIA-Cavite with reports from DA-ATI Calabarzon)**

## DTI e-Sigaw to increase consumer awareness and protection

**TRECE MARTIRES, CAVITE (PIA)** – The Department of Trade and Industry (DTI)-Cavite recently launched its e-Sigaw (e-Share Information, Gain Awareness) website this February 9 via Zoom. DTI 4-A OIC-Assistant Regional Director Revelyn Cortez explained, "Aside from the desire to deliver innovative services, the initiative to reinvent the e-SIGAW project stems from the observed increase in the number of online inquiries from clients, especially those pandemic-born businesses and other aspiring entrepreneurs who want to avail the services of DTI." Through the program, information is accessible to consumers to increase their awareness and protect them from online fraud and other unconscionable sales acts and practices. E-SIGAW is an internet site that features the following services and contents: e-ANGAT MSMEs, an online mentoring facility that provides MSMEs an easy access to local mentors, private organizations, and government agencies for their business development and information needs; e-BIDA ang LOKAL, a business-to-business commerce site to promote products of Cavite MSMEs, particularly those that have undergone product development through the One Town, One Product (OTOP) Next Generation Program; e-KONEK NEGOSYO, a directory of Cavite MSMEs, particularly beneficiaries of the Shared Service Facilities (SSF) Program, Kapatid Mentor Me (KMME) Program, and OTOP NextGen Program; e-TRAIN to LEARN, a calendar of activities and training to be conducted by DTI Cavite and access to e-learning materials; and e-CONSUMER CORNER, an information hub that features the programs and services offered by the DTI Cavite Consumer Protection Division, which include the Bagwis Program, Consumer Advocacy, accreditation and issuance of business licenses,

permits, registration, and authorities, and monitoring and enforcement of Fair Trade Laws. The e-CONSUMER CORNER also serves as a gateway in airing consumer complaints and posting the latest information about consumerism such as updated DTI-Department Administrative Orders/guidelines, Suggested Retail Prices, etc. Likewise, the program would greatly benefit micro, small, and medium enterprises (MSMEs) and consumers by sharing timely and relevant information for business development. The public can access the e-Sigaw website through the link: [esigaw.dti.gov.ph](http://esigaw.dti.gov.ph). **(RBF/PIA-Cavite with reports from DTI-Cavite)**

## CDA 4A underscores role of women in cooperatives

**CALAMBA CITY (PIA)** – The Cooperative Development Authority (CDA) IV-A launched a seminar on gender mainstreaming to address gender concerns in the cooperatives in the fourth district of Laguna. Last January 17, twenty-six (26) cooperatives in the province participated in the seminar-workshop on Compliance of Cooperatives with GAD Inspection Findings. The CDA IV-A said it hopes to address unequal allocation of power, resources, and opportunities in the cooperative sector. The CDA IV-A conducted an inspection where it was found that the majority of the cooperatives in the 4th district have deficiencies in Gender and Development (GAD) compliance. Through this seminar, the CDA aims to address gender concerns among cooperatives by helping cooperatives craft their GAD Policy Manual, Plans, and Budget. In a press release, the CDA explained that they aim to advance gender equality in the cooperative sector by ensuring that everyone is given an equal opportunity to participate in and benefit from cooperative activities. It also emphasized the importance of empowering women and girls in enhancing the efficiency and sustainability of

## PDLs of Quezon District Jail get livelihood training on vegetable production

**PAGBILAO, Quezon** – Selected persons deprived of liberty (PDL) at the BJMP Quezon District Jail got a unique livelihood skill, package of technology/seed and gardening materials from the Department of Agriculture (DA)-CALABARZON as they immersed themselves in vegetable production and culture management practices last February 8, 2023. According to BJMP – Quezon, the activity was done and similarly patterned with previous cooperation of the Jail Bureau with other sectors, such as the Gulayan sa Paaralan and the Gulayan sa Piitan to encourage the community to plant vegetables. In his message, Agricultural Program Coordinating Officer, Dr. Eduardo R. Lalas emphasized the importance of attaining food self-sufficiency of the jail community through their learned skills and continue

cultivating vegetables even after they have been released out of jail. "This would be done for them because farming inside the prison compound could be one of the best ways to introduce reforms and promote productivity among PDLs," said Lalas. Meanwhile, Quezon District Jail Warden, Jail Supt. Jack Lord B. Cariño has high hopes that the training they received, especially for probationers, will equip them with a means of sustainable livelihood, adding that jail management ensures that released PDLs will be supported all throughout as follow up extension. Jail Officer-2 Joeferie Barbacena Anglo on the other hand said, the Bureau of Jail Management and Penology in partnership with government and non-government organizations conducts trainings on vegetable production to enhance PDL agriculture skills and knowledge particularly in organic farming. **(RMO/PIA Quezon with reports from BJMP-Quezon)**

## 'Pambansang Pabahay' to generate work for Filipinos

**QUEZON CITY (PIA)** -- To prepare for the expected surge in demand for construction workers once the Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program is fully implemented this year, the Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) is collaborating with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) to improve the skills of housing industry workers. Secretary Jose Rizalino Acuzar of the DHSUD mentioned his anticipation of a rapid rise in the demand for construction workers in the upcoming months as President Ferdinand R. Marcos Jr.'s "Pambansang Pabahay" program is expected to launch at full capacity. Pointing out that a shortage of skilled workers is currently one of the issues they are facing when construction reaches its peak, Secretary Acuzar said, "We have a problem with the availability of skilled workers." To tackle this challenge, DHSUD started discussions with TESDA Director General Danilo Cruz as early as October last year. This proactive measure aims to equip construction workers with the necessary skills and knowledge to meet the workforce demand of housing project development. Acuzar also stated that the housing department is currently in communication with TESDA to organize training programs for skilled

workers such as carpenters, plumbers, electricians, and those involved in the finishing touches of masonry work. "Kaya kami po ay nakikipag-usap sa TESDA para magkaroon ng training para sa kanila," he emphasized. TESDA has also conveyed its support for increasing the labor force in the housing and construction industries, as well as enhancing skillsets. "Right now, we are looking at all angles and aspects to prepare for the beginning of actual implementation of the Pambansang Pabahay on the ground. We are fast-tracking construction so that we can adjust with the projected increase in cost," stated Acuzar. He added that they require a sufficient workforce to ensure that they can construct and deliver the houses on schedule for fellow Filipinos. The administration's flagship mass housing program aims to build one million housing units every year for the next six years to bridge the growing housing gap. According to DHSUD, the project is expected to create around 1.7 million job opportunities annually, including positions for construction workers. This significant number of jobs is anticipated to aid the government's efforts to recover from the pandemic and advance the Marcos administration's 8-point economic agenda. **(EEDC/PIA-CPSD)**

# The Godfather

**Paulo Flores**  
09451470533  
09287181677  
09087869697



## Kriminal Aming Kalaban

PUSPUSAN ang pagtugis ng Philippine National Police (PNP) partikular na dito sa Kalakhang Maynila sa mga tao na lumabag sa Batas na ipinairal sa buong Pilipinas. Dalawa ang pinagbabasehan ng PNP sa mga anti criminality operations nito, ito ay ang "Oplan Double Barrel" at "Oplan Pagtugis".

Sa "Oplan Double Barrel" bilang PNP operations on Anti-illegal Drugs ang mga subject ay pawang mga umano'y sangkot sa ilegal na droga.

Samantalang sa "Oplan Pagtugis" ang subject ng police operations na ito ay ang lahat ng mga Most Wanted at Wanted Persons na mayroong standing warrant of arrests.

Una ito ung mga tao na inireklamo sa Korte, naakusahan at nahatulan ng korte matapos mapatunayan beyond reasonable doubt" na sila ay lumabag sa batas o nakagawa ng krimen. Pangalawa, ito ung mga tao na hindi pa natatapos ang serve ng mga pagdinig sa Korte pero mga hindi na nagpakita pa sa Korte kaya naglabas ang Korte ng Warrant of Arrest laban sa mga ito.

Tulad halimbawa sa Lungsod Quezon, nakapagtala ang Quezon City Police District

(QCPD) ng 32 indibidwal na kanilang nahuli o nadakip o inaresto habang nagsasagawa ng patuloy na anti-criminality operations nitong nakalipas na ilang araw.

Ayon kay QCPD Director PBGEN Nicolas D Torre III, ang focus ng anti - criminality police operations ay mga umano'y sangkot sa illegal drugs at ung mga kabilang sa mga Most Wanted persons na mayroong mga Warrants of Arrest.

Sa Talipapa Police Station (PS 3) sa magkahiwalay na lugar ay dalawa ang naaresto ng mga tauhan ni PLTCOL Mark Janis Ballesteros. Una ay si Michael Limpin, 37 taong gulang at residente ng Barangay Sangandaan, Quezon City na inaresto bandang alas 10:20 ng umaga nuong ika-14 ng Pebrero taong kasalukuyan sa Aurigue Street, Barangay Sangandaan, Quezon City at ganap na alas 11:00 ng umaga naman ay naaresto si Luis Rosco Jr., 29 taong gulang at residente ng Barangay Pasong Tamo, Quezon City sa Sitio Lower Barimbao ng nasabing lugar.

Si Limpin ay mayroong kasong Reckless Imprudence Resulting in Damage to Property samantalang si Rosco Jr naman ay dahil sa paglabag sa Republic Act 9003 otherwise known as the Ecological Solid Waste

Management Act of 2000. Bandang alas 12:20 ng tanghali nuong February 14, 2023 pa din ay inaresto naman ng mga pulis ng Fairview Police Station (PS 5) sa ilalim ni PLTCOL Elizabeth Jasmin ang 30 taong gulang na si Ma. Kaycee Lalangan sa loob mismo ng tinitirhan nito sa Blk. 4, Lot 5, Roses Street, West Fairview, Barangay Greater Fairview, Quezon City dahil sa kasong Qualified Theft.

Sa Project 4 Police Station (PS 8) sa ilalim ni PLTCOL Leoben Ong ay inaresto naman si Jerome Tuazon, 42 taong gulang habang ito ay nasa loob ng kanyang tinutuluyan sa Blk. 43, Lot 9, Pud Site, Barangay Escopa III, Project 4, Quezon City dahil sa paglabag sa City Ordinance No. 730.

Si Michael James Gregorio, 23 taong gulang at residente ng Barangay Fairview, Quezon City habang naghihintay ng kanyang PNP Clearance sa loob ng National Police Clearance Office, 2nd Floor NGO Building, Quezon City Warrant of Arrest ng mga tauhan ni PLTCOL Reynaldo Vitto ng Anonas Police Station (PS 9) dahil sa Violation of R.A. 9003 or the Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

Inaresto naman ng mga tauhan ni PLTCOL Roldante Sarmiento, hepe ng Payatas Bagong Silangan Police Station (PS 13) sina Loretta Antivo, 45 taong gulang, residente ng Barangay Payatas B, Quezon City dahil sa paglabag sa City Ordinance 628, Series of 2016 at Noel Basco, 53 taong gulang ng Barangay Bagong Silangan, Quezon City dahil naman sa paglabag sa Republic Act 9003 or the Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

Naabutan naman ng mga tauhan ni PMAJ Don Don Llapitan, hepe ng Criminal

Investigation and Detection Unit (CIDU) si Francisco Ulep, 30 taong gulang at residente ng Barangay Central, Quezon City na may kasong kinakaharap na Violence Against Women and their Children Act of 2004 habang ito ay nakatayo sa harap ng DENR NCR sa East Avenue, Barangay Central, Quezon City. Samantalang si Lovella Villareiz, 27 taong gulang at residente ng Barangay UP Diliman, Quezon City ay pinuntahan pa ng CIDU sa Detention Facility sa Camp Karingal, Sikatuna Village, Quezon City at hinainan ng Warrant of Arrest dahil sa kasong Estafa.

Samantala, Northern Police District (NPD) sa ilalim ng pamumuno ni PBGEN Ponce Rogelio Peñones nabawi ng kanyang mga pulis ang isang carnap na sasakyan kamakailan kung saan dahil sa mga hot pursuit at follow up operations ng mga operatiba ng Valenzuela City Police Station sa ilalim ni PCOL Salvador Destura ay nabawi nila ang isang Toyota Vios na umano'y ninakaw habang nakaparada (stolen while parked) at itinakbo ng suspek hanggang Maynila sa loob lamang ng apat na oras buhat ng matanggap nila ang ulat hinggil sa ninakaw na sasakyan.

Ito ay pagpapakita lamang na epektibo ang management skills at management style ni PMGEN JONNEL C ESTOMO, ang butihing Regional Director ng National Capital Region Police Office (NCRPO) at ng kanyang mga District Directors ng Northern Police District (NPD); Eastern Police District (EPD); Manila Police District (MPD); Southern Police District (SPD) at Quezon City Police District (QCPD) o NEMSQ.

# Editorial

## Magplano ng pamilya

**KABILANG** ang Pebrero sa mga buwan na maraming bilang ng mga ikinakasal.

**Kagaya nitong nakalipas na Araw ng mga Puso ay dagsa ang idinaos na mass wedding.**

**Bilang mga bagong mag-asawa ay haharap sa buhay bilang isang pamilyadong tao.**

**Lalo at magbubunga ang pagsasama sa pagkakaroon ng supling o mga anak.**

**Maganda at mahalaga ang paalala ni Vice President Sara Duterte sa kanyang pagdalo sa kasalang bayan sa Parañaque City nitong nakaraang Valentine's Day.**

**Ipinaalala ni VP Duterte ang kahalagahan sa pagpapalano ng pamilya dahil dito nakasalalay ang maayos at magandang kinabukasan ng bawat magiging anak o magiging supling.**

**ADVERTISING RATES**  
COMMERCIAL - - - - - P200/col.cm  
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

**HANEP**  
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**  
Publisher/editor-in-chief

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite  
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927  
**Email:** ronejed@yahoo.com  
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc. **PAPI**

## NO. 7 MOST WANTED SA CALABARZON, ARESTADO SA BISA NG WARRANT

**ARESTADO** ang tinaguriang No. 7 Most Wanted Person (MWP) Regional Level sa CALABARZON ng mga operatiba ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa Maragondon, Cavite Linggo ng hapon.

Kinilala ang suspek na si Michael Cubillo y Cabarrios, 45, binata, cook, ng Brgy Poblacion I-A, Maragondon.

Sa ulat, dakong alas-4:39 ng hapon ay nagsagawa ng Oplan Pagtugis ang mga operatiba ng CIDG Cavite PFU (na siyang lead unit) at Cavite PMFC sa Brgy Poblacion 1-A, sa bisa ng warrant of arrest na insiyu ni Hon. Ralph S. Arellano, Presiding Judge ng RTC Branch 132, Naic, na may petsang January 9, 2023 na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek sa kasong Sexual Assault sa ilalim ng Art 266-A (2) in relation to Sec 5(B) ng RA 7610 at Lascivious Conduct

under Sec. 5(B)ng RA 7610 (4 counts).

Ang suspek ay nangangailangan ng P1 milyong na piyansa para sa kanyang pansamantalang paglaya na kasalukuyang nasa kustodiya ng CIDG-Cavite .

**GENE ADSUARA**

**Lola, patay sa e-bike**

**PATAY** ang 73-anyos na lola makaraang nabangga ng E-bike habang tumatawid sa Imus City, Cavite Lunes ng gabi.

Isinugod pa sa South Imus Specialist Hospital ang biktimgang si Corazon Santera Binato, may-asawa, ng #029 Pag-Asa 3 Imus City, subalit idineklarang dead on arrival.

Kinilala naman ang driver ng E-bike na si Liza Lhey Catibayan Julian, 25, ng Pag-asa 2 Imus City.

Sa ulat, dakong alas-6:50 ng

## Magsasaka 'dinamba sa nakaw na manok

**ARESTADO** ang 29-anyos na magsasaka matapos ibenta ang nakaw na sasabunging manok sa kaibigan ng may-ari nito na isang pulis sa Magallanes, Cavite Lunes ng hapon.

Kasong theft ang kinaharap ng suspek na si Norberto Barcenay Bombit, binata, ng Sino Lobo-Lobo, Brgy. Caluangan, Magallanes.

Kinilala ang nagreklamo na si Corporal Edilardo Vicedo may-asawa, isa rin barangay councilor ng Poblacion 3, Magallanes.

Sa ulat, inalok umano ng suspek na ibenta sa isang lalaki ang sasabungin na manok sa halagang P15,000.

Lingid sa kaalaman ng suspek na kilala ng kaibigan ni Vicedo ang sasabungin manok na pagmamay-ari nito.

Tinawagan ang biktima na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek dakong ala-1:30 ng hapon sa Sitio Lobo, Barangay Caluangan, Magallanes.

Nabatid na ang nasabing sasabungin na manok ay ninakaw ng suspek sa bakuran ng biktima. **GENE ADSUARA**

gabi naganap ang insidente kung saan minamaneho ni Julian ang E-bike sa kahabaan ng Pag-asa 3 Road, Imus City patungo sa direksyon ng Centennial Road.

Aksidenteng nabangga nito ang biktima habang papatawid sa Pag-asa 3 Road.

Nadala pa ang biktima sa ospital subalit hinihinalang dahil sa kanyang edad kaya hindi na kinaya ang malalang sugat sa ulo at katawan.

## GINANG, NINAKAWAN NA TINODAS PA NG 'KATIWALDAS'

**MAY** laslas sa leeg at wala ng buhay na natagpuan ang 58-anyos na ginang sa loob ng kanilang bahay sa Bacoor City, Cavite Sabado ng madaling araw. Kinilala ang biktima na si Felicitas Policarpio Soriano, may live-in partner, ng Block 21 Lot 45 Beige St. Camella North Springville, Brgy. Molino 3 Bacoor City. Pinaghahanap ng pulisya ang suspek na si Patrick John Manabat Gonzales, 21, stay in helper, at residente ng Brgy. Agnaya, Plaridel, Bulacan na tumakas matapos ang insidente. Sa naantalang report, dakong alas-6:00 Sabado ng umaga nitong February 11 ay natagpuan ni Leonor Giducos ang biktima na wala ng buhay sa loob ng kuwarto. Bago ang pagpatay ay nanghihiram umano ng

pera ang suspek sa biktima subalit hindi pinagbigyan. Ang suspek ay tatlong linggo pa lamang na naninilbihan bilang stay in helper sa tindahan ng anak ng biktima. Matapos ang pagpatay, tumakas ang suspek dakong alas-4:00 ng madaling araw subalit nakuhanan ng Closed Circuit Television (CCTV) ang pagtakas nito dala ang kanyang mga gamit at tangay din umano ang pitaka ng biktima. Positibo rin ang pagkakakilanlan sa suspek dahil sa bakas ng dugo mula sa pinangyarihan ng insidente gayundin ang t-shirt nito na may bahid ng dugo at itinapon sa isang creek, may ilang metro ang layo mula sa crime scene. Nabatid na kaarawan din ng biktima ng naganap ang trahedyang. **GENE ADSUARA**

## Paghahanda sa Kuwaresma umarangkada na, pagtatanghal ng Senakulo nakakasa na

**BOAC, Marinduque** – Ang buong isla at lalawigan ng Marinduque ay naghahanda na para sa 40 araw ng pagtitika, pagbubulay-bulay at pagpapanata bilang bahagi ng pananampalatayang Katoliko. Nagkaroon ng mga serye ng pagpupulong sa simbahan, paaralan at maging sa lokal na pamahalaan. Nagdaos ang Diyosesis ng Boac ng panimulang paghuhubog sa mga namamanata sa pamamagitan ng pagmomoryon. Gayundin, binaba sa mga Local Council for Culture and Arts ang ilang detalye tungkol dito upang makapagbuo ng mga gawain sa darating na mga Mahal na Araw. Maging sa Marinduque State College at Provincial Cultural and Tourism Affairs Office ay nagsagawa ng pagkakasunduan sa pagtatanghal ng Senakulo ngayong taon, Mula sa Mogpog LCCA ay naglatag na ng mga gawain para sa Buwan ng mga Sining, Araw ng Marinduque hanggang Semana Santa noong Enero 26. Sinundan din ng

Torrijos LCCA noong Enero 30 at ng Boac Council for Local History Culture and History kasama Municipal Tourism Council noong Pebrero 1. Napagkayarian na simual sa Pebrero 21, kung kailan magdiriwang din ng ika-103 taong ng pagsasarili ng Marinduque sa lalawigan ng Quezon (dating Tayabas) at pagbubukas ng expo sa Moriones Arena. Gayundin, bunga ng serye ng pag-uusap ng MSC at Provincial Government of Marinduque, pinangunahan ng kinatawan nitong sir Gerry Jamilla at director Danny Mandia ang pagsasanay at paghahanda kasama ang MSC Culture and Arts unit head Ruby Ann Lantita. Samantala, maging sa Parokya ng Banal na Puso ni Hesus ay nagkaroon na din ng ilang pulong mula sa Parish Pastoral Council, Barangay Parish Council at samahang banal ang tungkol sa pagpapalano hindi lamang sa Kuwaresma at Mahal na Araw kundi kahit sa kabuoan ng taon noong Enero 8 at Pebrero 5. Magsisimula ang Kuwaresma mula sa Miyerkules ng Abo sa

## 17 Hired-on-the-spot sa Jobs Fair sa Ibaan

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)** — Isinagawa ng lokal na pamahalaan ng Ibaan sa pakikipagtulungan ng Public Employment Service Office at Department of Labor and Employment (DOLE) ang Trabaho Para sa Ibaan jobs fair sa Recto Gym noong ika-8 ng Pebrero. Ang aktibidad ay bahagi ng pagdiriwang ng ika-191 taong pagkakatatag ng bayan ng Ibaan. Ayon kay Lea Catapang, PESO Manager bagama't ipinalat nila ang impormasyon ukol sa gagawing jobs fair hindi ito dinagsa ng mga tao at isa sa nkikitang dahilan ay ang regular nilang pagsasagawa ng local recruitment activity kada linggo. "Tuwing araw ng Biyernes ay may mga kumpanya na regular na nakikipag-ugnayan at pumupunta sa PESO Ibaan upang magsagawa ng local

recruitment activity kanilang ang Epson, PKIMT at iba pa. Karamihan sa mga nag-aaplay dito ay hired-on-the-spot at napansin namin na habang tumatagal kumukonti na ang naghahanap ng trabaho dahil madami na dito ang may trabaho kaugnay ng LRA", ani Catapang. Isa ang pagbibigay ng trabaho o hanapbuhay sa mandato ng lokal na pamahalaan kung kaya't patuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga kumpanyang nangangailangan ng empleyado upang patuloy ding maserbisuhan ang mga lalabanan naghahanap ng pagkikitaan. May 17 HOTS ang naitala sa isinagawang jobs fair na dinaluhan ng kulang 100 job applicants. Ang iba naman sa mga ito ay nakahanap para sa company interview para sa kanilang inaplayang posisyon. **(MDC/PIA-Batangas)**

## Tayabas City namahagi ng mga laptop para sa 33rd Civil Registration Month

**LUNGSOD NG LUCENA (PIA)** - Inihayag ni Tayabas City Registrar Maide Obdianela Jader sa idinaos na "Kapihan sa PIA" sa Pacific Mall Lucena City noong Pebrero 8 na nagsimula na ang pagdiriwang ng 33rd Civil Registration Month sa lungsod ng Tayabas sa pamamagitan ng pamamahagi ng laptops sa 66 barangays at pagsasagawa ng mobile registration sa malalayong lugar. Ayon pa kay Jader, magkakaroon rin ng statistics quiz, TikTok dance contest, slogan, spoken poetry challenge at iba pang patimpalak

Pebrero 22 habang ang Mahal na Araw sa Linggo ng Palaspas sa Abril 2 hanggang sa Linggo ng muling pagkabuhay sa Abril 9 nang nagpantili ng mga tradisyon at kaugaliang nagmula sa simbahan. **(MSC)**

na magiging bahagi ng pagdiriwang. "Ito ay isa sa mga prayoridad na programa ni Tayabas City Mayor Lovely Reynoso-Pontoso na maiparehistro ang bawat ipapanganak sa lungsod at maitaguyod ang mabilis na proseso sa pagbibigay ng serbisyo sa publiko," sabi pa ni Jader. Nanawagan si Jader sa kanyang mga kababayan na makiisa sa nasabing mga paligsahan upang maging matagumpay ang pagdiriwang. Kaugnay nito, inihayag naman ni Margarita Cada, statistical specialist ng Philippine Statistics Authority (PSA)-Quezon na patuloy ang kanilang ugnayan sa lahat ng city/municipal civil registrar offices sa buong lalawigan ng Quezon upang matiyak na nagkakatulungan sila sa pagkakaroon ng wastong pagpaparehistro ang bawat mamamayan sa lalawigan. **(RMO/PIA-Quezon)**

## Transdisiplinaring Pandaigdigang Webinar-Worksyap ngayong Buwan ng mga Sining

Naga, Camarines Sur - Magsasagawa ang Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF) ng transdisiplinaring Pandaigdigang Webinar-Worksyap sa Araling Panlipunan sa darating na Pebrero 24 hanggang 26 sa pamamagitan ng birtuwal na platform. Ang tema ngayong taon ay "Pagpopook ng Kasaysayan sa Hamon ng Teknolohiya at Globalisasyon" ngayong Buwan ng mga Sining. Kasama sa mga ispiker ang mga sumusunod na propesor, edukador at mananaliksik ng Ateneo De Manila, University of Santo Tomas, University of the Philippines, Philippine Normal University at De La Salle University: Dr. Antonio Contreras, Dr. Voltaire Villanueva, Dr. Joel Malabanan, Dr. Vicente Villan, Dr. Randy T. Nobleza, Dr. Melanie Turingan, Prof. Javier Leonardo Vitug Rugeria, Pro. Ambeth Ocampo, Dr. Vasil Victoria at Sir Francis Hassel Pedido. Tatalakayin ni Dr. Tonton Contreras ang paksang "Intelektuwalisasyon ng Filipino sa Pagtuturo ng Agham Pampolitika" sa unang araw kasama ni Dr. Voltz Villanueva na magpapalawig naman sa "Estratehiya sa Pagtuturo ng Kaalamang Lokal sa Hamon ng Kalakarang Global. Samantala, bibigyan ng atensiyon ni Sir Francis Pedido ang Blended Learning Approach sa pagtuturo ng Social Studies sa ikalawang congressional district ng Camarines Sur. Sa Pangalawang araw naman, magsasalita si Dr. Vic Villan tungkol sa "Pagka-Pilipino, Pagkataong Pilipino, at Pagkamamamayan ng Pilipino sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan." Habang maglalahad naman si Dr. Melanie

Turingan ng paksang "Ang Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Historikal ni Carlos Botong Francisco." Sa hapon naman ng pangalawang araw magtatalakay sina Dr. Joel Malabanan tungkol sa musikang makabayan at si Dr. Randy Nobleza naman para sa araling pang- isla at pangkapuluan. Sa huling araw naman, magpipresenta sina Sir Javier Rugeria tungkol sa kasaysayang pampook ng Bikol. Dr. Vasil para sa pagtuturo kay Jose Rizal at Prop Ambeth Ocampo tungkol sa pagtibag ng mga misinormasyon, m i s k o n s e p s i y o n at distorsiyon sa kasaysayan. Ayon sa DepEd National Capital Region Advisory No. 189 s. 2022, ilan sa mga layunin ang matukoy at masugpo ang mga misinormasyon, miskonsepsiyon at distorsiyon kaugnay ng kasaysayan ng bansa. Maaaring lumahok ang mga guro at/o edukador sa antas ng elementary hanggang Element High School na nagtuturo ng Agham Panlipunan. Batay sa pahayag ng SAGIF, "ang seminar ang kailangan para sa ERF teacher 1-7 hanggang iba pang ranggo. Tadtad ng bigatin at de-kalibreng ispiker, international ang antas, tatlong araw, kailangan sa equivalent record form requirement, may CPD points, memo mula sa DepEd (national, regional at division) mahusay na komite, matinding pasabog." Tuwing Buwan ng Pebrero pinagdiriwang ang Pambansang Buwan ng Sining, ngayong taon ay may temang "Ani ng Sining, Bunga ng Galing" sa bisa ng Presidential Proclamation no. 683 ang pagdedeklara ng Pebrero bilang buwan ng Pambansang Sining.

## SABUNGERO, ARESTADO SA PEKENG PERA

**SWAK** sa kulungan ang 46-anyos na delivery boy na inaresto matapos pumusta ng mahigit P9K sa sabong pero peke ang pera sa Bacoor City, Cavite Miyerkules ng hapon. Kasong paglabag sa Art. 168 (Illegal Possession and use of false treasury or bank notes and other instruments of credits) ang kinaharap ng suspek na si Ricky Moises Reyes, tubong Sipalay, Negros Occidental at residente ng Kanluran Barangay Zapote

5, Bacoor City. Sa ulat, naganap ang insidente dakong ala-1:00 ng hapon kung saan tumaya umano sa sabong ang suspek ng labin-siyam na piraso ng P500 bills o kabuuan na P9,500 sa loob ng Talaba Cockpit Arena sa 81A Evangelista St., Talaba 1, Bacoor City. Napansin ito ni Queen Lucino Ocampo, 33, cockpit supervisor, na nagresulta sa pagkaaresto sa suspek. **GENE ADSUARA**

## P180-M droga, iniwan sa sasakyan

**NAGSAGAWA** ng pakikipag-ugnayan ang Parañaque City Police Station (PCPS) sa PNP Highway Patrol Group, Regional Highway Patrol Unit NCR at sa Land Transportation Office (LTO) upang matukoy kung kanino ang abandonadong sasakyan na nakita ng mga barangay tanod sa kanilang lugar kamakailan.

Batay sa ulat na nakarating kay Southern Police District (SPD) Director PBGEN KIRBY JOHN B KRAFT, nakatanggap ng tawag ang Parañaque City Police Tambo Substation mula kay Mark Joseph Espinosa, tanod ng Barangay Tambo, hinggil sa pulang Toyota Innova na may plakang CDI 9724 at nakaparada sa Quirino Avenue corner M Delos Santos St. na nasasakupan ng naturang barangay. Ayon kay General KRAFT, alas singko y medya ng hapon nitong ika-08 ng Pebrero ay napansin na ni Espinosa ang nasabing sasakyan na nakaparada sa lugar at inakala lamang na bumibisita o maaaring may binili ang may-ari sa lugar kayat hindi na niya ito pinansin.

Sa pagronda nina Espinosa kinabukasan ng madaling araw ay naroroon pa rin ang nasabing sasakyan at dito na siya naghinala kung bakit hindi ito inalis ng may ari sa lugar. Gamit ang S.A.F.E. NCRPO APP ay agad nakipag-ugnayan ang Barangay Tambo sa Parañaque City Police Station at humingi na ng tulong. Sinabi ni General KRAFT na matapos tingnan ng mga tauhan ng Parañaque City Police Tambo Substation ang sasakyan ay napansin ng mga ito na bagamat nakasarado ang mga pinto ng sasakyan ay hindi naman naka-lock, walang gasgas o tama ng ibang sasakyan,

kaya hindi masasabi na nasangkot sa aksidente. Bagamat ang lahat ng salamin sa bintana at windshield ay semi-tainted ay makikita pa rin ng sinuman ang nasa loob nito.

Upang matiyak ang laman ng mga pulis ay tumawag sa passenger seat, isang kahon at isang nakasako sa loob ng sasakyan na nakita ng mga pulis ay tumawag na ang mga ito sa Scene of the Crime Operatives (SOCO) Parañaque.

Pagdating sa nasabing lugar ng mga operatiba ng SOCO Paranaque ay nakakuha ang mga ito ng 27 vacuum sealed tee packed na naglalaman ng white crystalline substance na hinihinalang shabu; isang puting sako; isang white plastic na lalagyan; isang Lazada box; dalawang photocopies ng OR/CR ng nasabing sasakyan na Toyota Innova with plate number CDI 9729; isang deed of sale of the Motor Vehicle; isang OR/CR ng Nissan Sentra na mayroong plaka na TKS 429; dalawang photocopies ng LTO driver's license ng isang Ma. Teresa Fernandez y Belandres; isang photocopy ng Certificate of Live Birth; isang kopya ng TDS at EC meter hold; isang identification card at vaccination card na nakapangalan sa isang Patani Barauntong; isang kulay puti na Romess Power bank; isang kulay itim na FUBU shirt; isang brown leather Backpack; isang susi ng sasakyang Nissan; 37 piraso ng P50; isang official receipt (Maya) at isang J-sport backpack.

Iidinagdag pa ni General KRAFT na ang 27 kilo umano ng hinihinalang illegal drugs na mayroong Standard Drug Price value na P183,600,000.00 ay nasa pangangalaga ng SPD Forensic Unit. **(Paulo B Flores)**

## Pasay City LGU tumanggap ng pagkilala mula sa IACT

**TUMANGGAP** ng parangal at pagkilala mula sa Inter-Agency Council for Traffic (IACT) ang Pasay City government dahil sa pagtiyak nito ng kaligtasan at seguridad ng mga mamamayan nito maging sa mga motorista na gumagamit ng kalsada. Ang parangal na iginawad ni IACT Chief Charlie Apolinario Del Rosario ay tinanggap ni Peter Eric Pardo, chief of staff at kinatawan ni Pasay City Mayor Emi Calixto-Rubiano, para sa nasabing okasyon.

Sa panig ng Pasay City government, sinabi ni Pardo na ang pagkilala at parangal na iginawad sa kanila ng IACT ay iniaalay ni Mayor Emi Calixto Rubiano sa mga Pasayeno na nag-ambag ng lakas at malasakit upang matulungan ang publiko simula noong ika-15 ng Marso 2020 hanggang sa kasalukuyan.

Kinilala ng IACT ang katapangan ng mga operatiba at mapagkakatiwalaang partner sector ng national government at Department of Transportation (DOTr) mula sa hanay ng mga lokal na pamahalaan ng Pasay na nagpakita ng kabayanihan sa pagsagip ng buhay, pagpapanatili ng seguridad, at pagpapakita ng katapatan noong panahon na mayroong mga lockdowns at ipinatutupad na community quarantines. Sa kanyang mensahe na ipinarating ni Pardo, ibinahagi ni Mayor Emi ang pagkilala sa mga nasasakupan at opisyal ng Lungsod ng Pasay --

mula sa antas ng barangay hanggang sa pinakamataas na pinuno -- na nag-ambag ng kanilang oras, pagsisikap, at dedikasyon sa tungkulin.

Ayon kay Mayor Emi, dapat ipagpatuloy ng pamahalaang lokal ng Pasay na pagsusulong ng mga proyekto nito tungo sa ikauunlad ng lungsod. Sa pamamagitan aniya ng dedikasyon, tiyaga, malakas na presensya at katatagan ng bawat opisyal at kawani ng Pasay City government maipapakita sa lahat ang pagkakaisa at pagmamahal sa bawat isa.

Ang Pasay City ay ginawaran ng IACT ng Magiting na Lingkod Award para sa kanyang huwarang pagganap at napakahalagang kontribusyon sa kasagsagan ng Covid-19 pandemic partikular sa pagtiyak ng kaligtasan at seguridad ng publiko.

Sa pakikipagtulungan ng SM Cares, ang IATF awarding ay dinaluhan ng mahigit 150 DOTr staff at leaders, local government units (LGUs), at iba't ibang partner private institutions. Bukod kay Pardo, dumalo rin sa awarding para kumatawan kay Mayor Emi Calixto-Rubiano si RR Salvador, ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO); Art Fortaleza, hepe ng Pasay Traffic and Parking Management Office (PTPMO); at Ace Sevilla, ng Tricycle and Pedicab Franchise Regulatory Office (TPFRO). **(Paulo B Flores)**

## Online seller, tiklo sa 'bato'

**TIKLO** ang 40-anyos na online seller na nakuhanan ng 100 gramo ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy bust operation sa Bacoor City, Cavite. Miyerkules ng hapon. Kinilala ang suspek na si Jaimeelyn Manuel y Murrilla, alias "Jenny", dalaga, ng Brgy Kaingin, Bacoor City na naharap sa kasong paglabag sa RA 9165.

Sa ulat, dakong alas 2.50 ng hapon ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng SOU 4A PNP DEG, at Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng

Bacoor CPS laban sa suspek sa harapan ng SYM Motors Conrado Complex, Aguinaldo Highway Brgy Niog I, Bacoor City.

Narekober sa suspek ang tinatayang 100 gramo ng hinihinalang shabu na may market value na P680,000; boodle money at analog na cellphone.

Nabatid na isang bakla umano ang nag-alok sa kanya kung gusto nitong kumita kapalit ng P2,000 at idi-deliver lamang ang isang package sa naturang lugar kung saan naaresto. **GENE ADSUARA**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
FOURTH JUDICIAL REGION  
REGIONAL TRIAL COURT  
BRANCH 15, NAIC, CAVITE  
rtc1na015@judiciary.gov.ph  
rtcbranch15naiccavite@gmail.com  
09171146230

